THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 DOST-MIMAROPA conducts training on Organic Fertilizer Production

VOLUME I No. 23 April 18, 2022 - April 24, 2022

# Kauna unahang Flag Raising Ceremony sa CAPITOL IN THE SOUTH isinagawa





NAGKAROON NA NG KATUPARAN ang matagal nang minimithi ng mga mamamayan ng segunda distrito na mas mapalapit ang mga pangunahing serbisyo ng kapitolyo sa kanila.

Kaugnay nito, pinasinayaan na noong April 17 ang Capitol in the South sa bayan ng Roxas sa pangunguna ni Governor Bonz Dolor kasama ang mga lokal na opisyal ng bayan ng Roxas sa pangunguna ni Mayor Leo Cusi.

Pasasalamat naman ang abot ni Mayor Cusi sa Pamahalaang Panlalawigan sa pagtupad ng napakalaking proyekto na ito. Inilahad ng alkalde ang hirap na dinaranas ng mga mamamayan ng segunda distrito sa pagbiyahe upang makakuha lamang ng mga pangunahing serbisyo sa kapitolyo. Ngunit ngayon aniya, mas magiging maalwan na ang pagbiyahe ng mga mamamayan dito.

Pasasalamat din ang hatid ni former congressman Manny Andaya na siyang nagkaloob ng lupa na pinagtayuan ng Capitol in the South.

Dagdag naman ni Department of Energy Secretary Alfonso Cusi, na siyang naging kinatawan ni President Rodrigo Roa Duterte sa nasabing inaugurasyon, makatutulong na mas maiangat ang ekonomiya ng segunda distrito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng Capitol in the South.

'Sa araw na ito, opisyal na magsisimula ang ating hangaring makapaghandog ng agarang serbisyo at tapat na paglilingkod sa mga kababayan natin sa ikalawang distrito sa pamamagitan ng Capitol in the South,' ayon kay Gov. Bonz Dolor (PIO).









THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# Kampanya kontra African Swine Fever (ASF) pinaigting sa Oriental Mindoro

PATULOY NA NAKIKIPAGTUWANG ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Veterinary Office (ProVet) sa Bureau of Animal Industry (BAI) upang tiyaking ligtas ang lalawigan kontra African Swine Fever (ASF) sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga nararapat na hakbang laban dito.

Kaugnay nito, kamakailan lamang binisita ng mga kinatawan ng BAI mula sa National African Swine Fever Prevention and Control Program (NASFPCP) ang bawat bayan sa lalawigan kung saan nagsagawa sila ng information awareness campaign kontra ASF.

Bunsod naman nito ang implementasyon ng bantay ASF sa Barangay (BABay ASF) Program upang higit pang maitiyak na mapapanatili ang estado ng lalawigan sa pagiging ASF-free (green zone) province nito.

Isa lamang sa nakapaloob sa BABay ASF Program ang "Capacity Building Awareness Campaign" na sinadyang dinisenyo upang dagdagan pa ang bilang ng frontline agents o mga indibidwal na tututok rito. Gayundin, ang partisipasyon ng iba pang mga stakeholders na magiging katuwang sa pagpapakalat ng impormasyon bilang karagdagang pamamaraan upang ipaalam sa publiko ang kahalagahan ng tuluy-tuloy na pagprotekta laban sa ASF.

Samantala, bahagi ng naging pagbisita ng naturang grupo ang audio visual presentations na nagpakita ng kahalagahan ng bakuna kontra ASF, mga gabay sa pagiging epektibong backyard farmers at iba pang dokumentasyon na nagpaalam ng mga kumpletong impormasyon upang maiwasan ang naturang sakit sa mga alagang hayop partikular na ang baboy (PIO Oriental Mindoro) .




***PABATID:*** Bukod sa kalusugan ng katawan, mahalaga rin na mapangalagaan ang kalusugang pangkaisipan o tinatawag na "mental health", lalung-lalo na ngayong mapang hamong panahon.

Kung kaya nga't ang Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ng Provincial Health Office ay magsasagawa ng FREE telepsych consultation at counselling para sa mga indibidwal na nangangailangan ng "mental health care" na may pamagat na "Kumusta Ka, Mindoreño".


Binubuo ang Mental Health Team ng mga propesyunal sa larangan ng pangangalaga ng kalusugan pangkaisipan gaya ng mga psychometricians, counsellors at licensed psychiatrists.

Mangyari lamang na tawagan o kontakin ang mga numero sa baba. Maaari ring mag email sa kumustakamindoreno@gmail.com o di kaya naman mag message sa Kumusta Ka, Mindoreño official Facebook page.




WE ARE OPEN TO CONTRIBUTORS AND WRITERS, PLEASE SEND ARTICLES, IDEAS AND INQUIRIES TO
website:
www.tamaraojournal.com
tamaraojournal@gmail.com

For you commercial print needs! Offset and Digital Printing Services, we specialize in Yearbooks, notebooks, brochures, marketing collaterals like custom folders and giveaways




www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# DOST-MIMAROPA conducts training on Organic Fertilizer Production to food share program beneficiaries in Rizal, Occidental Mindoro






*Participants at the actual demonstration of organic fertilizer production*

AS PART OF ITS COMMITMENT to empowering communities with livelihood opportunities, DOST- MIMAROPA conducted Training on Organic Fertilizer Production for Kabisig ng Kalahi (KNK) Food Share Program (FSP) beneficiaries, and some selected women members of Samahan ng Kababaihan in Barangay Rumbang, Rizal Occidental Mindoro last March 15-16, 2022. The training program provided the beneficiaries with the skills to make their organic fertilizer from domestic and agricultural wastes.

Barangay Rumbang in the municipality of Rizal, is one of the Community Empowerment through Science and Technology (CEST) areas in the Occidental Mindoro. A total of 60 families from Barangay Rumbang and its neighboring barangay, Barangay Adela, were identified as beneficiaries of the FSP launched in the community last February 2022.

FSP is a multi-sector program aimed at addressing hunger and ensuring nutrition in income- vulnerable countries, most especially during crises. Particularly, it offers enrichment activities and livelihood programs designed to help those families suffering from the effect of the Covid-19 pandemic in the Philippines. FSP is an initiative that supports the “Pilipinas Kontra Gutom” national movement organized to help in eradicating hunger and malnutrition in the country by 2030. The program is led by Kabisig ng Kalahi Inc., a non-government organization engaged in food and nutrition projects for malnourished children since 2001.

Through FSP, the beneficiaries received 25 kilos of rice during the launch and will be regularly provided with 25-kilo rice in April and June 2022 from Unilever Philippines— a partner private organization for the FSP.

The training was also attended by some selected women members of Samahan ng Kababaihan in the area which has an ongoing vegetable and livestock production project. A total of 26 participants took part in the event.





*Distribution of rice to beneficiaries of the Food Share Program*

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 23 April 18, 2022 - April 24, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# Inauguration ng Oriental Mindoro Sectoral Complex isinagawa




CALAPAN CITY, Or. Mindoro - Pasasalamat ng mga kinatawan ng iba't ibang sector ang ipinaabot sa pamahalaang panlalawigan matapos isagawa ang groundbreaking ceremony ng mga gusaling itatayo sa Sectoral Center project site nito sa Barangay Sta. Isabel, Lungsod ng Calapan noong Abril 24.

Hindi na mangangamba pa ang mamamayang Mindoreno partikular ang nagmumula pa sa malalayong bayan na nagtutungo ng Kapitolyo na abutin ng gabi sa Lungsod ng Calapan sa kanilang mga transaksyon sa Kapitolyo oras na maitayo ang mga proyektong gusali ng pamahalaang panlalawigan sa may dalawang ektarya lupa ng pamahalaan sa Barangay Sta. Isabel, Lungsod ng Calapan.

Mauunang itayo sa naturang project site ang may walong gusali na may dalawang palapag para sa walong sektor sa lalawigan na magsisilbing center at pansamantalang tuluyan ng mga gagabihin sa kanilang transaksyon sa Kapitolyo o saan mang tanggapan ng pamahalaan.

Kabilang sa mapagkakalooban ng mga gusali ang sector ng kababaihan, senior citizens, barangay health workers, People with Disability, kooperatiba, CICG, at brotherhood . Itatayo rin sa isang bahagi ng naturang project site ang gusali ng Boy Scout of the Philippines. Kapag natapos ito, nakalinya ring mapagkalooban ng kanilang sariling center building ang mga sektor ng mangingisda at magsasaka, mga guro at mga katutubo.

Ayon sa Punong Lalawigan, ang unang palapag ng mga itatayong gusali ay magsisilbing conference hall samantalang ang ikalawang palapag naman ay dormitoryo ng mga kasapi




ng mga nabanggit na sector na may transaksyon sa gobyerno at nag-alangan sa pag-uwi sa malayo nilang bayan.

Sa huli, binigyang diin ng gobernador na prayoridad ng kanyang pamunuan ang mga ordinaryong mamamayan na mapagkalooban ng proyektong pangmatagalang makatutugon sa kanilang pangangailangan (PIO OrMin).